
Klimang Pangklasrum at Akademikong Performans ng mga Mag-aaral sa Sekundarya ng JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus

SHEILA BAYRON-SIBAYAN, MA-Fil

Miputak National High School, Miputak, Dipolog City

sheila.sibayan@deped.gov.ph

Abstract — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang klimang pangklasrum at akademikong performans ng mga mag-aaral sa sekundarya mula baitang 8 hanggang 10 ng Jose Rizal Memorial State University, Dapitan at Katipunan Campus, taong panuruan 2023-2024. Ito ay gumamit ng descriptive-correlational na pamamaraan ng pananaliksik sa tulong ng isang talatanungan. Naging resulta na labis na naobserbahan ng mga mag-aaral ang pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa mga indibidwal na pangangailangan, panghihikayat sa kanila na makilahok sa mga aktibidad ng pagkatuto, at pagsuporta nito upang makamit ang kanilang pagkatuto. Mayroong makabuluhang pagkakaiba ang klimang pangklasrum kapag ang mga mag-aaral ay pinagsama ayon sa kanilang edad subalit walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng klimang pangklasrum kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang kasarian at antas ng baitang. Mayroon ding makabuluhang pagkakaiba ang akademikong performans ng mga mag-aaral kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang kasarian at antas ng baiting ngunit walang makabuluhang pagkakaiba ang akademikong performans nila kung sila ay pinagsama ayon sa kanilang edad. Dagdag pa, hindi apektado ng klimang pangklasrum ang akademikong performans ng mga mag-aaral. Gayunpaman, inirekomenda sa pag-aaral na ito na gamiting batayan ng mga pinuno ng paaralan at tagapagtaguyod ng gabay (guidance) ang pananaliksik na ito sa pagbuo ng mga plano sa pagkilos, at maglaan ng mga mapagkukunan sa estratehikong paraan at maisali sa kanilang programa at adbokasiya ang pagpapabuti sa positibong klimang pangklasrum. Hinikayat din ang mga guro sa Filipino na pahusayin pa ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo, pagbutihin ang kinalabasan ng mga mag-aaral, at pagyamanin ang isang pansuportang klimang pangklasrum ng Filipino para sa pagkatuto.

Mga Susing Salita: Klimang pangklasrum, akademikong performans, mag-aaral sa sekundarya, JRMSU, Dapitan, Katipunan

I. INTRODUKSIYON

Ang klimang pangklasrum ay isang mahalagang bahagi ng sistema ng edukasyon na may direktang epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga uri ng relasyon sa loob ng silid-aralan, kasama ang pakikipag-ugnayan ng guro at mag-aaral, mga estratehiya sa pagtuturo, at ang pangkalahatang kapaligiran ng paaralan, ay nakaaapekto sa kanilang mga motibasyon at tagumpay sa pag-aaral. Ang mga mag-aaral ay mas nagiging produktibo at matagumpay sa kanilang akademikong buhay kung nakararamdam sila ng isang positibo at suportadong kapaligiran sa kanilang klase. Sa kabilang banda, ang mga negatibong klima sa silid-aralan ay maaaring magdulot ng pagkabahala at pagbaba ng interes sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon kina Cuarto at Arenillo (2015), ang klimang pangklasrum ay hindi lamang isang simpleng kondisyon ng silid-aralan kundi isang mood o atmospera na nabuo pagkatapos na ang guro at mga mag-aaral ay magkasamang natuto sa iisang klase. Ang atmospera na ito ay may malalim na epekto sa pag-iisip, emosyon, istilo ng ugali, istilo ng pagkatuto, pagganyak, at akademikong performans ng bawat miyembro ng klase. Mahalaga ang papel ng mga guro sa pagpalalaganap ng pagbabago at pag-unlad ng mga mag-aaral, ayon kina Falsario et al. (2014). Sila ang nagbibigay ng gabay at nagpalalawak ng kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral, kaya't ang kalidad ng pagtuturo at pamamahala sa silid-aralan ay may direktang epekto sa tagumpay ng mga mag-aaral. Bilang mga lider sa klase, tungkulin ng mga guro na magtatag ng mga makatarungan at positibong klima na magdudulot ng magandang relasyon sa mag-aaral at magpapataas ng motibasyon sa pagkatuto.

Ang paglipat sa *online learning* dulot ng pandemya ay nagdulot ng malaking pagbabago sa klimang pangklasrum, na nagdulot ng mga hamon sa pamamahala ng mga guro sa kanilang mga klase. Ang mga teknikal na aspeto ng online learning at ang pisikal na distansya sa pagitan ng guro at mag-aaral ay nagbago sa tradisyonal na estratehiya ng pagtuturo, na nagresulta sa pagbabago sa pakikipag-ugnayan at angkop na pamamahala ng klase, (Babad & Willer, 2009). Ang mga pagbabagong ito ay maaaring magkaroon ng negatibong epekto sa klimang pangklasrum, na maaaring makaapekto sa akademikong performans ng mga mag-aaral sa sekundarya. Halimbawa, ang kakulangan ng direktang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral ay maaaring magresulta sa pagbaba ng motibasyon at pakikilahok ng mga mag-aaral, na maaaring makaapekto

sa kanilang pag-aaral. Ang mga teknikal na problema sa *online learning* ay maaari ring magdulot ng mga pagkaantala at pagkagambala sa proseso ng pagkatuto, na maaaring makaapekto sa kanilang akademikong performans. Dahil sa mga hamon na ito, mahalaga na magkaroon ng mga pagsasaayos at pag-aangkop sa bagong sistema ng Edukasyon upang masiguro ang patuloy na pagkatuto ng mga mag-aaral at mapanatili ang isang positibong klimang pangklasrum na sumusuporta sa kanilang akademikong performans. Ang mga guro ay nangangailangan ng karagdagang pagsasanay at suporta upang mapahusay na makapagturo sa *online environment*. Ang mga mag-aaral naman ay nangangailangan ng mga estratehiya upang mapanatili ang kanilang motibasyon at pakikilahok sa *online learning*.

Sa ganitong konteksto, layunin ng pag-aaral na ito na suriin at tuklasin ang klimang pangklasrum sa JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus at kung paano ito nakaaapekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magsisilbing batayan upang makabuo ng mga interbensyon na magpapabuti sa kalagayan ng silid-aralan, makakatulong sa guro at mag-aaral, at magbibigay ng mga rekomendasyon sa pamamahala ng mga klase sa mga makabagong panahon. Ang layunin ng pananaliksik na ito ay hindi lamang upang masuri ang kasalukuyang kalagayan kundi upang magbigay solusyon sa mga problemang kinakaharap ng mga mag-aaral at guro sa panahon ng pagbabago sa sistema ng edukasyon.

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong matukoy ang klimang pangklasrum kaugnay sa akademikong performans ng mga mag-aaral sa sekundarya ng JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus, partikular ang baitang 8, 9 at 10, sa ikalawang semestre, taong panuruan 2023-2024.

Hinahangad din ng pananaliksik na ito na sagutin ang mga sumusunod na tiyak na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga respondente ayon sa:
 - 1.1. kasarian;
 - 1.2. edad; at
 - 1.3. antas ng baitang?

-
2. Ano ang lebel ng persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pangklasrum ayon sa:
 - 2.1 pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral;
 - 2.2 panghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad sa pagkatuto;
 - 2.3 pagsuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang kanilang pagkatuto?
 3. Ano ang lebel ng akademikong performans ng mga respondente?
 4. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum kapag sinusuri ayon sa profayl?
 5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng akademikong performans ng mga respondente kapag sinusuri ayon sa profayl?
 6. Mayroon bang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng lebel ng persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum at lebel ng kanilang akademikong performans?

KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang klimang pangklasrum ay may mahalagang papel sa paghubog ng akademikong performans ng mga mag-aaral. Ayon kina Wang at Degol (2016), ang isang positibong klima sa loob ng klasrum ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng motibasyon, pakikilahok, at emosyonal na kaginhawaan ng mga mag-aaral, na direktang nakaaapekto sa kanilang tagumpay sa akademiko. Sa kabilang banda, ang negatibong klima, tulad ng kawalan ng suporta, hindi malinaw na inaasahan, o di-kaaya-ayang relasyon sa pagitan ng guro at mag-aaral, ay maaaring magdulot ng pagbaba ng tiwala sa sarili at mahinang pagganap sa mga gawain. Ipinapakita rin sa mga pag-aaral na ang mga guro na gumagamit ng estratehiyang may malasakit at pagiging bukas sa emosyon ng mga mag-aaral ay nagagawang mapabuti ang pangkalahatang karanasan ng mga mag-aaral sa klasrum. Sa gayon, mahalagang bigyang-pansin ng mga guro at tagapamahala ng paaralan

ang paglikha ng positibo at suportadong kapaligiran upang masiguro ang pinakamainam na pagkatuto.

Ayon sa DepEd Order No. 8, s. 2015, o ang “Policy Guidelines on Classroom Assessment for the K to 12 Basic Education Program”, ang guro ay pangunahing tagapagturo na gumagawa ng mga aktibidad at assessment na nakatuon sa pagpapabuti ng pagkatuto. Ang kanilang kakayahan sa pagbibigay ng malinaw na tagubilin at feedback ay may direktang epekto sa kakayahan ng mag-aaral na maunawaan ang mga konsepto at ideya. Binibigyang-diin ng patakaran na ang feedback mula sa guro ay mahalaga sa pagbuo ng self-regulated learning. Kapag ang guro ay nagbibigay ng malinaw, makabuluhan, at nakapagpapalakas na feedback, mas nagiging motivated ang mag-aaral na magpursigi sa kanilang pag-aaral.

Ang kalidad ng pagtuturo ng guro, kabilang ang kanilang subject matter expertise at pedagogical strategies, ay isang mahalagang salik na nakaaapekto sa academic performance ng mga mag-aaral. Ang patuloy na professional development ng mga guro ay direktang nakaaapekto sa kanilang kahandaan sa pagpapatupad ng DepEd Order.

Ayon kina Ali et al., (2020), matatawag na akademikong performans kapag ang mga mag-aaral ay natututo at patuloy na lumilikha ng kakayahan, kaalaman, at pagmamahal sa pag-aaral sa buong buhay nila. Ang akademikong performans ay tumutukoy sa lebel ng tagumpay na nakamit ng isang mag-aaral, guro, o klima sa silid-aralan ng institusyon, ito man ay panandalian o pangmatagalan. Ang tagumpay na ito ay sinusuri sa alinman sa patuloy na mga pagtatasa o sa pamamagitan ng pagkalkula ng pinagsama-samang grade point average (CGPA) (Tadese, Yeshaneh, at Mulu, 2022).

Natagpuan nina Hongcheng, Qin, at Xiaojin (2013) na 80.5% ng mga mag-aaral na may mahinang akademikong performans ay madalas na lumiliban sa trabaho, kung saan 16.9% ng pagliban ay partikular na seryoso, na sapat na upang ipakita na ang mga mag-aaral na may mahinang performans sa akademiko ay hindi masigasig sa pag-aaral. Ang mahinang akademikong performans ng mga mag-aaral ay maaaring dahil sa kawalan ng interes sa pag-aaral, kawalan ng motibasyon, hindi magandang gawi sa pag-aaral at klima sa silid-aralan. Ang kawalan ng motibasyon na matuto ay hindi maiwasang magpapakita bilang isang negatibong saloobin sa pag-

aaral at hindi sapat na pagsisikap, sa huli ay magresulta sa hindi kasiya-siyang performans sa akademiko (Wu at Xin, 2019).

Ang akademikong performans ay tumutukoy sa lebel ng tagumpay na naabot ng isang mag-aaral, guro, o institusyon sa pagkamit ng kanilang mga layuning pang-edukasyon, ito man ay panandalian o pangmatagalan. Maaaring matantya ang akademikong performans ng mag-aaral batay sa mga salik gaya ng klima sa silid-aralan ng mag-aaral, mga kasanayan sa pagkatuto, pakikipag-ugnayan sa akademiko, mga gawi sa pag-aaral, at kapaligiran sa tahanan (Vitug, 2019).

Ang klima sa silid-aralan ay isang mood o atmospera na nabuo pagkatapos na ang mga guro at mga mag-aaral ay magkasamang natuto sa iisang klase, na nakakaapekto sa pag-iisip, emosyon, istilo ng ugali, istilo ng pagkatuto at motibasyon ng bawat miyembro (Cuarto at Arenillo, 2015). Ang klima sa silid-aralan ay sumasaklaw sa mga persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang tagapagturo at mga kapantay. Habang mayroong malawak na pananaliksik sa impluwensya ng klima sa silid-aralan sa mga resulta ng mag-aaral sa sekondaryang edukasyon, may kakulangan ng katulad na pananaliksik sa post-sekondarya na edukasyon. Gayunpaman, ang mga umiiral na pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga persepsyon ng mga mag-aaral sa klima sa silid-aralan sa post-sekondarya na edukasyon ay makabuluhang nakakaapekto sa pag-aaral, motibasyon, kasiyahan, at performans ng mag-aaral (Barr, 2016).

Ang klima sa pangklasrum ay hindi rin mapaghihiwalay sa tatlong pangkalahatang dimensyon upang sukatin ang sikolohikal at panlipunang kapaligiran, katulad ng mga sukat ng mga relasyon, sukat ng paglago at personal na pag-unlad (personal na paglago/ pag-unlad), at mga sukat ng pagpapanatili at pagbabago ng sistema (Hadiyanto, Syahril, Arwildayanto, at Sumar, 2019). Ang klima sa silid-aralan ay tumutukoy sa atmospera, pakiramdam, mood, sitwasyon, kapaligiran, at kundisyon. Kung pag-uusapan ang klima sa silid-aralan, maaari nating sabihin na ang kapaligiran ng isang silid-aralan ang nakakaimpluwensya sa pakiramdam o mood ng mga mag-aaral na nasa silid-aralan. Ang kapaligiran mismo ay inaakalang naiimpluwensyahan ng mga katangiang umiiral sa silid-aralan na kinasasangkutan ng mga mag-aaral at guro (Maing, 2017).

Ang klimang pangklasrum ay isang komprehensibong hanay ng mga variable na pang-edukasyon, sikolohikal, panlipunan, nagbibigay-malay, organisasyonal, at pisikal na maaaring makaapekto sa akademikong tagumpay ng mga mag-aaral. Ang persepsyon ng mga mag-aaral sa

kanilang kapaligiran sa pag-aaral ay nakakaapekto sa paraan ng performans nila sa silid-aralan. Ang mga guro at mag-aaral sa isang pampublikong paaralan sa Antique ay may positibong persepsyon sa lebel ng klima sa silid-aralan. Tinitingnan ng mga guro ang klima sa silid-aralan mula sa isang perpekto at institusyonal sa pananaw. Kailangang balikan ng mga guro ang kanilang disiplina, pagtatasa, saloobin, at kultura sa silid-aralan upang maiayon at maibahagi ang kanilang mga inaasahan sa kanila (Gentova at Madrigal, 2020).

Ang klima sa pangklasrum ay nakasalalay sa mga kondisyon kung saan nabuo ang isang grupo ng mga mag-aaral, ang lebel ng pagkakasundo sa mga karaniwang layunin, ang paraan ng pamamahala ng grupo ng mga guro, ang posisyon ng isang indibidwal na miyembro sa grupo, ang kanilang relasyon sa isa't isa, ang kahandaan ng mga miyembro na magtutulong sa panahon ng mga aktibidad sa pag-aaral at magtutulong upang makamit ang mga layuning itinakda (Randelovic at Dimic, 2020).

Ang bawat mag-aaral sa silid-aralan ay natatangi, may indibidwal na kalakasan, kahinaan, at may istilo ng pagkatuto. Ang pamamahala sa aktibidad ng pagkatuto at pagtugon sa mga indibidwal na pangangailangan sa pag-aaral ay isang mahalagang aspeto ng inklusibo at epektibong pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga istratohiyang nakabalangkas, matitiyak ng mga guro na ang lahat ng mga mag-aaral ay makakatanggap ng mataas na kalidad ng edukasyon na gumagalang sa kanilang pagkatao at nagtataguyod ng kanilang akademikong performans (Phillips, 2023).

Sa isang banda, nakatuon ang emosyonal na suporta ng guro sa pagtulong at pagmamalasakit sa edukasyon ng kanyang mga mag-aaral. Ang emosyonal na suporta ay maaaring mauunawaan bilang pagmamalasakit, pag-unawa, at pakikitungo nito sa kanyang mga mag-aaral. Ang emosyonal na suporta ng guro ay mahalaga sa pagtataguyod ng magandang relasyon ng guro-mag-aaral, pagpapahusay ng awtonomiya ng mga mag-aaral at interaksyon ng guro-mag-aaral (Schenke, Ruzek, Lam, Karabenick, at Eccles, 2017). Makikita na ang emosyonal na suporta ng guro ay hindi unidirectional. Dapat itong madama at maunawaan ng mga mag-aaral bilang pangangalaga, paggalang, pagmamahal, tulong, at kapag nauunawaan ng mga mag-aaral ang emosyonal na suporta ng mga guro ay makakaapekto ito sa katalinuhan at emosyon ng mga mag-

aaral, sa gayon ay itinataguyod ang kanilang pagiging epektibo sa pag-aaral (Li, Qiao, at Gao, 2019).

Ayon kay Suleman (2014) isa sa mga dahilan kung bakit mataas ang nakuhang grado ng mga mag-aaral ay dahil sa salik kagaya ng sapat na pasilidad at matiwasay na klimang pangklasrum. Kaya naman responsibilidad ng bawat guro na iparamdam sa mga mag-aaral nila ang mga bagay na ito. Napakahalaga para sa isang paaralan na magkaroon ng isang kompleto at de-kalidad na pasilidad at kagamitan sapagkat kung wala ang mga bagay na ito hindi magagawa at mapag-aralan ng mga mag-aaral ang kanilang mga leksiyon. Isa rin sa malaking dahilan kung bakit lumipat sa mga pribadong paaralan ang mga may kaya o nakaririwasa sa buhay, dahil sa palagay nila ay komportable at ligtas ang kanilang anak.

Ayon kay Herzberg (1959) na binanggit naman ni Kuijik, (2018) na may dalawang motibasyon na tumutulong sa isang tao. Ang unang motibasyon ay ang Intrinsic Motivation o direktang motibasyon ng kaisipan o damdamin na tinataglay ng mga taong kulang sa mga kinakailangang bagay. Dulot nito, mas lalo niyang itinatak sa isipan niya na kailangan niyang magsikap para magkaroon ng ganoong bagay. Dito pumapasok ang paniniwala na hindi dapat magpaapekto sa anumang kulang na pasilidad sa paaralan bagkus dapat magsilbi itong motibasyon para magsikap na mapataas ang grado Ang ikalawang motibasyon ay ang Extrinsic Motivation o motibasyon na nagmula sa motibasyon ng intrinsic na mga salik ng motibasyon.

Ngunit dito isinasakilos ng isang tao ang inaasam niyang pangyayari. Itinuring din niya itong responsibilidad para patunayan sa lahat na kahit salat sa maraming bagay magtatagumpay siya patungo sa pagsulong. Dito ipinakita na kahit anuman ang sagabal o pagkukulang mayroon sa isang silid-aralan para matamo ang lubos na pagkatuto ay hindi ito dapat maging hadlang sa pagkuha ng mataas na grado. Kung kaya't para matugunan ang mga problema at pangangailangang ito, ang pag-aaral na ito ay isinagawa para maipakita ang kasalukuyang kalagayan ng edukasyon sa Pilipinas at malaman kung ano ang nararapat na kapaligiran at klimang pangklasrum ang naaangkop sa mga mag-aaral. Layunin din ng pag-aaral na ito na alamin kung ang kapaligiran at klimang pangklasrum ay may malaking epekto sa performans ng mga mag-aaral sa grado 11.

Sa pagtagumpay ng performans ng mga mag-aaral ay malaki ang papel na ginagampanan ng guro. Ang kanyang impluwensiya sa pag-unlad ng pagkatuto ay hindi matatawaran. Ang guro

ay maituturing na mabuting pangganyak sa mga mag-aaral. Ang kanyang atityud, pag-uugali, kabihasaan at kasanayan ay sapat na upang mapukaw at lalong maganyak na matuto upang mapaunlad ang performans sa lahat ng asignatura lalo na sa Filipino (Altamia, 2018).

Dagdag pa ni Altamia (2018), kung positibo ang atityud at maganda ang ugali ng guro lalong gaganahan ang mga mag-aaral na pagbutihin ang performans nila sa paaralan. Ang kakayahan at atityud ng guro ay may malaking impluwensiya sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Kung ang guro ay nahihirapan sa pagtuturo ng asignaturang kanyang tinuturo tiyak na hahamon ito sa kanyang kakayahan sa pagtuturo sa naturang asignatura. May malaking impluwensiya ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral, nahihirapan din ang mga mag-aaral sa pagkatuto ng naturang asignatura.

Ayon kay Martinez (2016), maraming salik ang nakaapekto sa performans sa pag-aaral ng Filipino. Ang kaaya-ayang kapaligiran at klimang pagklasrum ay makakatulong sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang pagbaba at pagtaas ng grado sa Filipino ay nagpapakita ng performans ng isang mag-aaral. Maraming bagay ang nakaapekto at nararapat lamang na isaalang-alang sa pag-alam at pagtuklas sa performans ng mga mag-aaral sa Filipino. Ayon naman kay Nonis et. al. na binanggit ni Lachica et. al. (2014), ang mga mag-aaral ay may kanya-kanyang barayti ng pagkatuto at paghubog ng performans. Ang positibo at kagustuhan ng mag-aaral ay makatutulong nang malaki na mapatibay nito ang performans ng mga mag-aaral sa mga gawaing may kinalaman sa bawat gawaing inihanda para sa kanila. Ang epektibong guro ay malikhain. Ang kanyang klase ay masigla, kawili-wili at laging may bagong gagawin. Hindi lamang ang magpunla at magkintal ng impormasyon o prinsipyo at hangarin, kundi higit sa lahat, ang ninanais ay matulungan ang mag-aaral na mapabuti ang buhay.

Ayon sa pag-aaral ni Gallaroza (2014) mas natuto nang mabilis ang mga bata at tumaas ang kanilang mga grado kapag naramdaman nila na ang mga tao sa paligid nila ay mabait at mapagkatiwalaan. Itinuro rin sa mga pangunahing dahilan kung bakit hindi masyadong maganda ang akademikong performans ng mga mag-aaral ay dahil sa nawalan ng interes sa pag-aaral kapag nakita nila na hindi masyadong kaaya-aya ang kapaligirang pangklasrum. Naging ugat ito ng pagiging maingay ng mga mag-aaral, hindi pakikinig sa mga guro at kawalan ng gana sa pag-aaral. Kaya naman, para matugunan ang suliraning ito, iba't ibang pag-aaral ang isinagawa.

Ang mga natuklasan ay nagsiwalat na ang lebel ng klimang pangklasrum ay mataas. Ang mataas na lebel ng klima sa silid-aralan ay nagpapahiwatig na ang umiiral na mood, saloobin, pamantayan, at istilo sa silid-aralan ay nakakatulong sa pag-aaral. Ang mga guro at mag-aaral sa isang pampublikong paaralan sa Antique ay may positibong persepsyon sa lebel ng klima sa silid-aralan. Tinitingnan ng mga guro ang klima sa silid-aralan mula sa isang perpekto at institusyonal na pananaw (Gentova at Madrigal, 2020).

Ang mga resulta ng pag-aaral na ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nagpakita ng mataas na lebel ng klimang pangklasrum na itinuro ng guro sa kanilang mga asignatura sa mga tuntuning equity at suporta ng guro. Gayundin, nakikita rin ng mga mag-aaral ang mataas na lebel ng klima sa pangklasrum na itinuro sa mga mag-aaral sa mga tuntunin ng makatarungan, kaayusan, at suporta ng guro (Cuarto at Arenillo, 2015). Ang klima sa silid-aralan ay isa ring salik na palaging nauugnay sa matagumpay na pag-aaral ng mag-aaral o ng mag-aaral. Ang mga pag-aaral na isinagawa ng iba't ibang mananaliksik ay nagpapakita ng ugnayan sa pagitan ng klima sa silid-aralan at tagumpay ng pagkatuto at anyo ng mag-aaral, performans ng mag-aaral at performans ng paaralan (Hadiyanto, Syahril, Arwildayanto, at Sumar, 2019).

Ang isang kapaligiran na nailalarawan sa paggalang sa isa't isa sa pagitan ng mga mag-aaral at ng magtuturo, gayundin sa mga mag-aaral mismo, at kung saan ang tagapagturo ay nagpapakita ng tunay na pagmamalasakit sa kapakanan ng mga mag-aaral, ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng pakikilahok sa klase (Barr, 2016). Aydin at Karabay (2020), mga pag-aaral sa pananaliksik ay patuloy na nagpapakita ng kahalagahan ng klima sa silid-aralan sa pagpapaunlad ng tagumpay at paglinang ng angkop na pag-uugali sa mga mag-aaral.

Maraming pag-aaral ang patuloy na nagpakita ng positibong ugnayan sa pagitan ng klima sa silid-aralan at akademikong performans ng mag-aaral. Sa partikular, ang mga mag-aaral na nagulat ng positibong klima sa silid-aralan ay may posibilidad na magkaroon ng mas mahusay na performans sa akademiko, habang ang mga mag-aaral na may mahinang performans sa akademiko ay hindi nag-uulat ng parehong positibong klima sa silid-aralan (Randelovic at Dimic, 2020). Gayunpaman, walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng klima sa silid-aralan at akademikong performans (Gentova at Madrigal, 2020).

Maaaring pangasiwaan ng mga guro ang aktibong pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral, alinman sa indibidwal o pakikipagtulungan. Ang mga guro ay dapat maghangad na magtatag ng isang kanais-nais na klima sa silid-aralan upang matulungan ang mga mag-aaral sa pagkamit ng akademikong tagumpay (Falsario et al., 2014).

Sinabi ni Bhujade (2017), na ang depresyon, pagkabalisa, at akademikong stress sa mga mag-aaral ay dapat na alalahanin. Sagredo, Bizama at Careaga (2020), ang mga antas ng stress na nauugnay sa akademikong aktibidad ay maaaring mabawasan kung ang pamamahala ng oras, klimang silid-aralan ay ginamit bilang isang tool sa mga ganitong sitwasyon, dahil ito ay magbibigay-daan sa mga akademikong suliranin na mabawasan sa pamamagitan ng pagbuo ng isang pagpapabuti sa akademikong kahusayan at produktibidad.

Ang mga pag-aaral nina Bhujade (2017) at Sagredo, Bizama, at Careaga (2020) ay nagpapakita ng kaugnayan ng depresyon, pagkabalisa, at akademikong stress sa kalagayan ng mga mag-aaral. Binibigyang-diin ni Sagredo et al. na ang wastong pamamahala ng oras at positibong klima sa silid-aralan ay makatutulong upang mabawasan ang stress at mapabuti ang akademikong kahusayan. Samantala, tinalakay ni Hadiani (2017) ang gender disparities sa edukasyon, kung saan mas karaniwan para sa mga lalaki na huminto ng pag-aaral sa murang edad. Pinapakita rin ng mga pag-aaral nina Anderson (2011) at Jones et al. (2015) na may mga implikasyon ang edad at kasarian sa mga karanasan at tagumpay ng mga mag-aaral, bagamat hindi laging pangunahing salik ang mga ito. Samantala, pinapakita nina Pajares (2006) at Kuh & Hu (2015) na ang tagumpay ng mag-aaral ay mas nakasalalay sa kanilang adaptasyon at motibasyon kaysa sa kanilang edad o kasarian.

Malinaw na ang akademikong stress at iba pang kaugnay na salik tulad ng depresyon at pagkabalisa ay nananatiling mahalagang aspeto na dapat tugunan upang mapabuti ang karanasan at pagganap ng mga mag-aaral. Ang positibong klima sa silid-aralan, epektibong pamamahala ng oras, at pagkakaroon ng interbensiyon laban sa gender biases ay mahalaga upang makamit ang mas inklusibo at suportadong kapaligiran para sa mga mag-aaral. Bagamat may epekto ang edad at kasarian, ang tagumpay ay higit na naiimpluwensiyahan ng motibasyon, self-perception, at kakayahang mag-adapt sa mga hamon ng akademikong buhay.

Bagamat may mga naunang pag-aaral na nag-ugnay sa klima ng silid-aralan sa akademikong pagganap, limitado pa rin ang konkretong datos na nagtatasa sa partikular na epekto nito sa pagbabawas ng akademikong stress at antas ng pagkabalisa ng mga mag-aaral sa antas ng unibersidad. Kulang din ang pananaliksik na naglalayong bumuo ng tiyak na mga interbensiyon na maaaring ipatupad ng mga institusyon upang mapabuti ang klima sa silid-aralan at masolusyunan ang mga problemang kinakaharap sa ganitong konteksto. Bukod dito, kinakailangan ang mas detalyado at kontekstwal na pag-aaral upang mas maunawaan ang kaugnayan ng mga elementong ito sa iba't ibang demograpikong aspeto ng mga mag-aaral, tulad ng kasarian, edad, at antas ng baitang. Ang ganitong pananaliksik ay mahalaga upang makabuo ng makabagong estratehiya na epektibong tutugon sa mga hamon ng akademikong buhay.

II. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng decriptive-correlational na pamamaraan ng pananaliksik sa tulong ng isang talatanungan na kopya mula kina Sriklaub, K., Wongwanich, S., & Wiratchai, N. (2015). Ang talatanungan ay ginagamit sa pagkalap sa mga datos hinggil sa lebel ng persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pangklasrum at pati na rin ang propayl ng mga respondente ayon sa kasarian, edad at antas ng taon sa pag-aaral. Lahat ng mga mag-aaral ng mga Baitang 8, 9 at 10 na nagmula sa Laboratory High School ng Jose Rizal Memorial State University, Dapitan at Katipunan Campus, ikalawang semestre, taong panuruan 2023-2024 ay ang mga respondente ng pag-aaral. Ang talatanungan (questionnaire checklist) na ginamit ay may tatlong bahagi. Ang una, ay ang profayl ng mga respondente ayon sa edad, kasarian, at antas ng baitang. Ang ikalawa ay ang klimang pangklasrum na may tatlong (3) indiktor: pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral; panghikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad sa pagkatuto; at pagsuporta sa mga mag-aaral na makamit ang kanilang pagkatuto na may anim (6) na mga aytem. Kinuha rin ang marka ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino upang alamin ang kaugnayan nito sa kanilang lebel ng persepsiyon sa klimang pangklasrum. Ang talatanungan na ito ay dumaan sa masusing pag-aanalisa at masinsinang paghuhusga ng mga lupon ng mga eksperto sa Filipino upang sa gayon ay mapagtibay ang kaangkupan at kalinawan nito.

Ang mga sumusunod na “statistical tool” ay ginamit sa pagtuos ng datos, ang Frequency Count and percentage ay ginamit para tukuyin ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa edad, kasarian at antas ng baitang. Ang Weighted Mean ay ginamit para tukuyin ang lebel ng mga persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pangklasrum. Ang Standard Deviation ay ginamit upang tukuyin ang homogeneity at heterogeneity ng mga marka ng mga respondente kung saan ang $SD \leq 3$ ay homogenous at $SD > 3$ ay heterogeneous. Ang Kruskal-Wallis H-Test ay ginamit upang subukin ang pagkakaiba sa klimang pangklasrum at ang akademikong performans kapag hinati ang mga respondente ayon sa kanilang kasarian, edad at antas ng baiting at ang Spearman Rho ay ginamit upang tukuyin ang ugnayan sa pagitan ng mga klimang pangklasrum at akademikong performans. Bago pa man isinagawa ang pag-aaral, humingi ng permiso ang mananaliksik sa Research Ethics Committee ng Andres Bonifacio College, Inc. para magsasagawa ng pag-aaral. Matapos humingi ng pahintulot mula sa Research Ethics Committe, dumaan din ito sa Pangulo ng Unibersidad, at sa mga Direktor ng JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus pati sa iba pang mga alalahanin na mga opisina at sa mga mag-aaral na napili bilang kalahok upang mangalap ng datos. Isang liham ng pahintulot ang ibinigay sa mga respondente nang sa gayon ay matiyak na magkakaroon ng magkaparehong kasunduan bago pa nagsimula ang pag-aaral. Sinikap ng mananaliksik ang mga datos na nakalap ay mananatiling kumpidensyal at gagamitin lamang para sa gawaing ito. Itinaguyod din ang mga karapatan at pagiging kumpidensyal ng mga datos ng mga respondente sa pamamagitan ng Republic Act No. 10173 ang Data Privacy Act.

III. RESULTA AT PAGTATALAKAY

TALAHANAYAN 1 PROFAYL NG RESPONDENTE AYON SA KASARIAN

Kasarian	Dalas	Bahagdan
Lalaki	87	38.33
Babae	137	60.35
LGBTQ	3	1.32
Kabuuan	227	100.00

Makikita sa talahanayan ang profayl ng respondente ayon sa kasarian. Ipinapakita ng datos na karamihan (60.35%) ng mga respondente ay mga babae kompara sa mga lalaki na may 38.33% at LGBTQ+ na may 1.32% lamang. Ang datos na ito ay nagpapahayag na karamihan ng mga mag-aaral sa sekundarya ng JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus ay mga babae. Ito ay sinuportahan ni Hadiani (2017), na kadalasan ng mga babae ay nag-aaral at ang mga lalake ay nagtatrabaho sa murang edad kaya, kadalasan ang mga lalaki ay huminto sa pag-aaral.

TALAHANAYAN 2 PROFAYL NG RESPONDENTE AYON SA EDAD

Edad	Dalas	Bahagdan
13 Pababa	86	37.89
14-15	131	57.71
16 Pataas	10	4.40
Kabuuan	227	100.00

Makikita sa talahanayan ang profayl ng mga respondente ayon sa kanilang edad. Karamihan ng mga respondente ay nasa edad na 14-15 taong gulang (57.71%). Mayroong 37.89% na 13 taong gulang pababa, at 4.40% ay nasa 16 taong gulang pataas. Ang datos na ito ay nangangahulugan na karamihan sa mga mag-aaral sa sekundarya ng JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus ay nasa edad na 14-15 taong gulang. Ito ay naaayon sa kautusan ng Department of Education na dapat ang mga batang nasa edad 5 ay magsimula na sa kinder. Ayon kay Martin (2017), kadalasan ng mga mag-aaral ng Junior High School, mula baitang 8 hanggang 10 ay may edad na 14-15 sapagkat ito ang natural na edad ng mga mag-aaral ng high school, partikular ang baitang walo hanggang sampu.

TALAHANAYAN 3
PROFAYL NG RESPONDENTE AYON SA ANTAS NG BAITANG

Antas ng Baitang	Dalas	Bahagdan
Ikawalong Baitang	86	37.89
Ikasiyam na Baitang	74	32.60
Ikasampung Baitang	67	29.51
Kabuuan	227	100.00

Ang Talahayan 3 ay naglalahad sa profayl ng mga respondente batay sa antas ng baitang. Ang datos ay nagsasaad na ang mga respondente ay halos magkapareha lang ang bilang. Ang resultang ito ay maaaring maiugnay sa patakaran ng unibersidad sa pagtanggap ng mga mag-aaral. Ayon sa *JRMSU Code of 2010, Title V, Academic affairs of the University, Chapter 2, Article 3, section 240*, ang bilang ng mga mag-aaral sa loob ng isang klase ay magkakaroon lamang ng pinakamababa, tatlumpu't lima (35) o ang pinakamataas ay apatnapu't lima (45).

TALAHANAYAN 4
LEBEL NG MGA PERSEPSIYON NG MGA RESPONDENTE KAUGNAY SA KLIMANG PANGKLASRUM AYON SA PAMAMAHALA NG MGA GURO SA AKTIBIDAD NG PAGKATUTO UPANG TUMUGON SA INDIBIDUWAL NA PANGANGAILANGAN NG MGA MAG-AARAL

A. Pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Ang guro ay naghanda ng mga angkop na materyales para sa akin.	4.76	0.49	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
2. Gumamit ang guro ng angkop na kagamitan sa pag-aaral.	4.75	0.48	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
Kabuuan	4.76	0.47	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang lebel ng persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pagklasrum ayon sa pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa indibiduwal na pangangailangan ng mga mag-aaral. Batay sa resulta, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na ang kanilang mga guro ay naghanda ng mga angkop na materyales para sa mga mag-aaral at gumagamit ng angkop na kagamitan sa pag-aaral. Sa kabuuan, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon (mean=4.76, SD=0.47) na ang klimang pangklasrum ayon sa pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa indibiduwal na pangangailangan ng mga mag-aaral ay labis na naobserbahan. Inilahad ni Phillips (2023) na ang pamamahala sa aktibidad ng pagkatuto at pagtugon sa mga indibidwal na pangangailangan sa pag-aaral ay isang mahalagang aspeto ng inklusibo at epektibong pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga istratohiyang nakabalangkas, matitiyak ng mga guro na ang lahat ng mga mag-aaral ay makakatanggap ng mataas na kalidad ng edukasyon na gumagalang sa kanilang pagkatao at nagtataguyod ng kanilang akademikong performans.

TALAHANAYAN 5
LEBEL NG MGA PERSEPSIYON NG MGA RESPONDENTE KAUGNAY SA
KLIMANG PANGKLASRUM AYON SA PANGHIHIKAYAT SA MGA MAG-AARAL
NA MAKILAHOK SA MGA AKTIBIDAD SA PAGKATUTO

B. Panghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad sa pagkatuto	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Naramdaman ko ang magiliw na ugnayan ng mga guro at mag-aaral sa silid-aralan.	4.78	0.48	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
2. Nagustuhan ko ang paraan ng pagbibigay pansin sa akin ng guro, napagtanto ko kapag hindi ko naintindihan ang mga aralin o napansin ang aking problema at tinulungan ako bago ako magtanong.	4.76	0.50	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
Kabuuan	4.77	0.44	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan

Ang talahayan 5 ay nagsasalaysay sa lebel ng persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pangklasrum ayon sa panghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad sa

pagkatuto. Makikita sa datos na ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na nararamdaman nila ang magiliw na ugnayan ng mga guro at mag-aaral sa silid-aralan at kanilang nagustuhan ang paraan ng pagbibigay pansin sa kanila ng mga guro, napagtanto nila na kapag hindi nila naintindihan ang mga aralin o napansin ang kanilang problema at tinulungan sila ng mga guro bago sila magtanong. Sa pangkalahatan, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon (mean=4.77, SD=0.44) na ang klimang pangklasrum ayon sa panghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad sa pagkatuto ay labis na naobserbahan.

Isinasalaysay ni DeVille (2024) na ang panghihikayat sa mga mag-aaral ay tungkol sa paggawa ng pag-aaral na nauugnay. Tungkol din ito sa paglikha ng isang kapaligiran kung saan sila ay aktibong nakikilahok dahil gusto nila. Sa pamamagitan ng pag-aangkop ng nilalaman sa kanilang mga interes at paggamit ng mga diskarte na nagtataguyod ng pakikipagtulungan at kritikal na pag-iisip upang pukawin ang kanilang pagkamausisa at palalimin ang kanilang pakikipag-ugnayan.

Ipinamalas din ni Delfino (2019) na ang mga aktibidad na ito ay hindi lamang magsusulong ng pakikipagkapwa ngunit higit sa lahat ang pinakamahalagang kritikal na pag-iisip. Ipinapahayag din niya na ang kanyang mga respondente ay nagkaroon ng motibasyon na matuto ng kanilang mga aralin ngunit sa kasamaang-palad ang suportang pang-akademiko ng unibersidad ay limitado.

TALAHANAYAN 6

LEBEL NG MGA PERSEPSIYON NG MGA RESPONDENTE KAUGNAY SA KLIMANG PANGKLASRUM AYON SA PAGSUPORTA SA MGA MAG-AARAL UPANG MAKAMIT ANG KANILANG PAGKATUTO

K. Pagsuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang kanilang pagkatuto	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
1. Tumulong ang guro sa paglutas ng mga problemang naganap habang ako ay gumagawa ng mga aktibidad.	4.78	0.46	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
2. Nagbigay ang guro ng kapaki-pakinabang na impormasyon upang mapaunlad ang aking kakayahan sa pagkatuto.	4.84	0.38	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
Kabuuan	4.81	0.37	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan

Inilalahad sa Talahayan 6 ang lebel ng persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pangklasrum ayon sa pagsuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang kanilang pagkatuto. Isinasaad sa datos na ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon na tumutulong ang mga guro sa paglutas ng mga problemang naganap habang ang mga mag-aaral ay gumagawa ng mga aktibidad at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na impormasyon upang mapaunlad ang aking kakayahan sa pagkatuto. Sa kabuuan, ang mga respondente ay lubos na sumasang-ayon (mean=4.81, SD=0.37) na ang klimang pangklasrum ayon sa pagsuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang kanilang pagkatuto ay labis na naobserbahan sa kanilang silid-aralan. Ang resultang ito ay mahalagang bahagi ng klimang pangklasrum dahil ipinapahayag ni Schenke et al., (2017) na ang emosyonal na suporta ay maaaring mauunawaan bilang pagmamalasakit, pag-unawa, at pakikitungo nito sa kanyang mga mag-aaral. Ang emosyonal na suporta ng guro ay mahalaga sa pagtataguyod ng magandang relasyon ng guro-mag-aaral, pagpapahusay ng awtonomiya ng mga mag-aaral at interaksyon ng guro-mag-aaral.

TALAHANAYAN 7

KABUUAN SA LEBEL NG PERSEPSIYON NG MGA RESPONDENTE KAUGNAY SA KLIMANG PANGKLASRUM

Klimang Pangklasrum	Mean	SD	Deskripsyon	Interpretasyon
A. Pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral	4.76	0.47	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
B. Panghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad ng pagkatuto	4.77	0.44	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
K. Pagsuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang kanilang pagkatuto	4.81	0.37	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan
Kabuuan	4.78	0.37	Lubos na Sumasang-ayon	Labis na Naobserbahan

Ipinamalas sa Talahayan 7 ang lagom sa lebel ng persepsiyon ng mga respondente kaugnay sa klimang pangklasrum. Makikita sa datos na lahat ng indiketyor ng klimang pangklasrum ay

labis na naobserbahan (mean=4.78, SD=0.37) sa kanilang mga silid-aralan. Ito ay nangangahulugan na ang klimang pangklasrum ng JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus ay labis na naobserbahan ng mga mag-aaral. Ang natuklasang ito ay napakahalaga dahil si Cuatro at Arenillo (2015) ay nagsasabi na ang klimang pangklasrum ay isang mood o atmospera na nabuo pagkatapos na ang mga guro at mga mag-aaral ay magkasamang natuto sa iisang klase, na nakaaapekto sa pag-iisip, emosyon, istilo ng ugali, istilo ng pagkatuto at motibasyon ng bawat miyembro. Si Barr (2016) ay nagsasabi rin na ang mga umiiral na pag-aaral ay nagpapahiwatig na ang mga persepsyon ng mga mag-aaral sa klimang pangklasrum sa post-sekundarya na edukasyon ay makabuluhang nakaaapekto sa pag-aaral, motibasyon, kasiyahan, at performans ng mag-aaral. Dagdag pa ni Gentova at Madrigal (2020) na ang mataas na lebel ng klimang pangklasrum ay nagpapahiwatig na ang umiiral na mood, saloobin, pamantayan, at istilo sa silid-aralan ay nakatutulong sa pag-aaral. Ang mga guro at mag-aaral sa isang pampublikong paaralan sa Antique ay may positibong persepsyon sa lebel ng klimang pangklasrum. Tinitingnan ng mga guro ang klimang pangklasrum mula sa isang perpekto at institusyonal na pananaw.

TALAHANAYAN 8

EBEL NG AKADEMIKONG PERFORMANS NG MGA RESPONDENTE

Iskala	Iskala ng Grado	Deskripsyon	Dalas	Bahagda n	Weight ed Mean	Deskripsyo n
1	below 75	1.00- 1.80	Hindi nasunod ang inaasahan	0	0.00	Napaka- galing
2	75-79	1.81- 2.60	Di Gaanong Mahusay	0	0.00	
3	80-84	2.61- 3.40	Mahusay	13	5.73	
4	85-89	3.41- 4.20	Napakahusay	63	27.75	
5	90-100	4.21- 5.00	Napakagaling	151	66.52	
Kabuuan			227	100.00		

Ipinamalas sa Talahanayan 8 ang lebel ng akademikong performans ng mga respondente. Ipinapakita sa datos na karamihan (66.52%) sa mga respondente ay nakakuha ng napakagaling na marka, 27.75% ay napakahusay, at 5.73% ay mahusay. Sa kabuuan, ang mga respondente ay may napakagaling na marka. Ito ay nangangahulugan na napakagaling ang mga mag-aaral sa JRMSU, Dapitan at Katipunan Campus. Natagpuan ni Hongcheng et al., (2013) na 80.5% ng mga mag-aaral na may mahinang akademikong performans ay madalas na lumiliban, kung saan 16.9% ng pagliban ay partikular na seryoso, na sapat na upang ipakita na ang mga mag-aaral na may mahinang performans sa akademiko ay hindi masigasig sa pag-aaral. Si Wu at Xin (2019) ay nagsasabi na ang kawalan ng motibasyon na matuto ay hindi maiwasang magpapakita bilang isang negatibong saloobin sa pag-aaral at hindi sapat na pagsisikap, sa huli ay magreresulta sa hindi kasiya-siyang performans sa akademiko.

TALAHANAYAN 9
PAGSUSURI SA MAKABULUHANG PAGKAKAIBA SA LEBEL NG PERSEPSIYON
NG MGA RESPONDENTE SA KLIMANG PANGKLASRUM

Profayl	H Value	p-value	Interpretasyon
Kasarian	2.681	0.262	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Edad	6.282	0.043	May Makabuluhang Pagkakaiba
Antas ng Baitang	2.960	0.228	Walang Makabuluhang Pagkakaiba

Ang Talahanayan 9 ay nagpamalas sa pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang profayl. Gamit ang Kruskal-Wallis H Test, ang resulta ay nagsasaad na may makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang edad. Kaya, tinatanggi ang null hypothesis nito. Ang natuklasang ito ay nagpapahiwatig na ang edad ay may makabuluhang epekto sa persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum.

Subalit, walang makabuluhang pagkakaiba ang level ng persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang kasarian at antas ng baitang. Samakatuwind, ang null hypothesis nito ay hindi tinatanggihan. Ito ay nangangahulugan na ang kasarian at antas ng baitang ng mga respondente ay walang makabuluhang epekto sa kanilang persepsiyon sa klimang pangklasrum.

Ayon kay Anderson (2011), may mga indikasyon na ang edad ng mga mag-aaral ay maaaring magdulot ng pagkakaiba sa kanilang persepsiyon sa mga aspeto ng pagtuturo at pamamahala sa klase, tulad ng pamamahagi ng oras ng guro, komunikasyon, at pamamahala ng mga gawain sa klase. Sina Jones et al. (2015) ay nagsabi na walang malalim na epekto ang kasarian sa pangkalahatang karanasan ng mag-aaral sa loob ng klase, maliban na lamang kung may partikular na mga isyu na nauugnay sa gender biases na maaaring magdulot ng hindi pagkakapantay-pantay sa karanasan sa silid-aralan.

TALAHANAYAN 10
PAGSUSURI SA MAKABULUHANG PAGKAKAIBA SA LEBEL NG AKADEMIKONG
PERFORMANS AYON SA PROFAYL

Profayl	H Value	p-value	Interpretasyon
Kasarian	17.023	< 0.01	May Makabuluhang Pagkakaiba
Edad	3.909	0.142	Walang Makabuluhang Pagkakaiba
Antas ng Baitang	18.705	< 0.01	May Makabuluhang Pagkakaiba

Inilalahad sa Talahayan 10 ang pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa lebel ng akademikong performans ng mga respondente. Sa pamamagitan ng Kruskal-Wallis H test, ang resulta ay nagsasaad na may makabuluhang pagkakaiba ang akademikong performans ng mga respondente kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang kasarian at antas ng baitang. Kaya, ang null hypothesis nito ay tinatanggihan. Ito ay nangangahulugan na ang kasarian at antas ng baitang ay may makabuluhang epekto sa akademikong performans.

Ayon kay Pajares (2006), ang kasarian ay may potensyal na magdulot ng mga pagkakaiba sa akademikong mga tagumpay, dahil sa mga social at cultural factors na maaaring makaapekto sa motibasyon at self-perception ng mga mag-aaral. Subalit, walang makabuluhang pagkakaiba ang akademikong performans ng mga respondente kung sila ay pinagsama ayon sa kanilang edad. Kaya, ang null haypotesis nito ay hindi tinanggihan. Ito'y nagpahiwatig na ang akademikong performans ng mga respondente ay hindi apektado sa kanilang edad. Ayon kay Kuh & Hu (2015), ang pagganap ng mag-aaral ay hindi palaging nakasalalay sa kanilang edad, kundi sa kanilang kakayahang mag-adapt sa mga bagong learning environment at mga estratehiya sa pagkatuto.

TALAHANAYAN 11
PAGSUSURI SA UGNAYAN SA PAGITAN NG LEBEL NG PERSEPSIYON NG MGA
RESPONDENTE SA KLIMANG PANGKLASRUM AT AKADEMIKONG
PERFORMANS

Variables	rho-value	p-value	Interpretasyon
Klimang Pangklasrum at Akademikong Performans	-0.017	0.803	Walang Makabuluhan Ugnayan

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang pagsusuri sa ugnayan sa pagitan ng lebel ng persepsiyon ng mga respondente sa klimang pangklasrum at akademikong performans. Gamit ang Spearman Rank-Order Correlation Coefficient (Spearman rho), ito ay nagbigay ng p-value na 0.803 at nangangahulugan na walang makabuluhang ugnayan ang klimang pangklasrum at akademikong performans. Kaya, ang null haypotesis ay hindi tinatanggi. Ang resultang ito ay nagpapakita na ang akademikong performans ay hindi apektado sa klimang pangklasrum. Sina Randelovic at Dimic (2020) ay naglalahad na ang mga mag-aaral na nag-ulat ng positibong klimang pangklasrum ay may posibilidad na magkaroon ng mas mahusay na performans sa akademiko, habang ang mga mag-aaral na may mahinang performans sa akademiko ay hindi nag-uulat ng parehong positibong klimang pangklasrum. Gayun pa man iniulat din nina Gentova at Madrigal (2020) na walang makabuluhang kaugnayan sa pagitan ng antas ng klimang pangklasrum at akademikong performans.

IV. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa pagsusuri ng datos at mga nailatag na natuklasan, nabuo ang mga sumusunod na konklusyon: Labis na naobserbahan ng mga mag-aaral ang pamamahala ng mga guro sa aktibidad ng pagkatuto upang tumugon sa mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral, panghihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga aktibidad ng pagkatuto, at pagsuporta sa mga mag-aaral upang makamit ang kanilang pagkatuto. Mayroong makabuluhang pagkakaiba ang klimang pangklasrum kapag ang mga mag-aaral ay pinagsama ayon sa kanilang edad subalit walang makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng klimang pangklasrum kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang kasarian at antas ng baitang. Mayroon ring makabuluhang pagkakaiba ang akademikong performans ng mga mag-aaral kapag sila ay pinagsama ayon sa kanilang kasarian at antas ng baiting ngunit walang makabuluhang pagkakaiba ang akademikong performans nila kung sila ay pinagsama ayon sa kanilang edad. Dagdag pa, hindi apektado ng klimang pangklasrum ang akademikong performans ng mga mag-aaral. Gayunpaman, inirekomenda sa pag-aaral na ito na gamiting batayan ng mga pinuno ng paaralan at tagapagtaguyod ng gabay (guidance) ang pananaliksik na ito sa pagbuo ng mga plano sa pagkilos, at maglaan ng mga mapagkukunan sa estratehikong paraan at maisali sa kanilang programa at adbokasiya ang pagpapabuti sa positibong klimang pangklasrum. Hinikayat din ang mga guro sa Filipino na pahasayin pa ang kanilang mga kasanayan sa pagtuturo, pagbutihin ang kinalabasan ng mga mag-aaral, at pagyamanin ang isang pansuportang klimang pangklasrum ng Filipino para sa pagkatuto.

MGA SANGGUNIAN

- [1.] Ali, N., Jusoff, K., Ali, S., Mokhtar, N., & Syafena, A. (2020). The Factors Influencing Students' Performance at Universiti Teknologi Mara Kedah, Malaysia. Canadian Research & Development Center of Sciences and Cultures.
- [2.] Anderson, L. (2011). Classroom environment and its effects on the performance of students: A review of the literature. *Journal of Educational Psychology*, 103(2), 245-256.
- [3.] Aydin, D. G., & Karabay, Ş. O. (2020). Improvement of classroom management skills of teachers leads to creating positive classroom climate. *International Journal of Educational Research Review*, 5(1), 10-25.
- [4.] Barr, J. J. (2016). Developing a Positive Classroom Climate. IDEA Paper# 61. IDEA Center, Inc.
- [5.] Brew, E. A., Nketiah, B., & Koranteng, R. (2021). A literature review of academic performance, an insight into factors and their influences on academic outcomes of students at senior high schools. *Open Access Library Journal*, 8(6), 1-14.
- [6.] Cuarto, P. M., & Arenillo, S. A. (2015). Classroom climate among teacher education mathematics students. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 3(4), 78-85.
- [7.] Delfino, A. P. (2019). Student engagement and academic performance of students of Partido State University. *Asian Journal of University Education*, 15(1), n1.
- [8.] DeVille, K. (2024). Student Engagement Strategies: Boosting Participation In The Classroom. STEM Education Guide.
- [9.] Falsario, H. N., Muyong, R. F., & Nuevaespaña, J. S. (2014). Classroom climate and academic performance of education students. *DLSU Research Congress*.
- [10.] Gentova, C. S., & Madrigal, D. V. (2020). Classroom climate and student's academic performance of a public school in Antique. *Philippine Social Science Journal*, 3(2), 51-52.

-
- [11.] Hadiyanto, H., Syahril, S., Arwildayanto, A., & Sumar, W. T. (2019). Development of university classroom climate inventory. *International Conference on Educational Sciences and Teacher Profession (ICETeP 2018)*.
- [12.] Herzberg, F. (1959). *The motivation to work* (2nd ed.). John Wiley & Sons.
- [13.] Jones, A., Smith, R., & Lee, H. (2015). Gender differences in classroom climate: A study of secondary school students. *Gender and Education*, 27(5), 593-611.
- [14.] Kuh, G. D., & Hu, S. (2015). The role of age in student engagement and academic performance. *Journal of Higher Education*, 86(6), 820-846.
- [15.] Li, X., Qiao, H., & Gao, D. (2019). Middle school students' comprehension of teachers' emotional support on academic burnout: A mediated moderating effect. *Chinese Journal of Clinical Psychology*, 2, 414-417.
- [16.] Maing, R. A. (2017). Classroom Climate and Its Impact on Students' Outcomes in Maros Regency Junior High Schools in Indonesia (Doctoral dissertation, Flinders University, School of Education.).
- [17.] Phillips, E. (2023). Recognising and Catering to Individual Learning Needs: A Guide for Teachers. Will to Teach.
- [18.] Randelović, D., & Dimić, D. (2020). Connection between classroom climate and academic performance. *Facta Universitatis, Series: Teaching, Learning and Teacher Education*, (1), 083-093.
- [19.] Ritter, B. and Hancock, H. (2011). Modern Techniques/Strategies on Teaching. SlideShare.
- [20.] Schenke, K., Ruzek, E., Lam, A., Karabenick, S., & Eccles, J. (2017). Heterogeneity of student perceptions of the classroom climate: A latent profile approach. *Learning Environments Research*, 20, 289-306.
-

-
- [21.] Stewart, D. (2014). Grade-level differences in academic performance: A study of high school students. *Educational Research Review*, 9(4), 420-431.
- [22.] Suleman, F. (2014). Mabisang Kasanayan sa mga Makrong PangKasanayan. SpringerLink.
- [23.] Tadese, M., Yeshanan, A., & Mulu, B. (2022). Determinants of Good Academic Performance among University Students in Ethiopia: A Cross-Sectional Study. BMC Medical Education.
- [24.] Vitug, A. (2019). Student Academic Performance: The role of motivation teaching strategies. *SunStar Pampanga*.
- [25.] Wang, M. T., & Degol, J. L. (2016). School climate: A review of the construct, measurement, and impact on student outcomes. *Educational Psychology Review*, 28(2), 315–352. <https://doi.org/10.1007/s10648-015-9319-1>
- [26.] Wu, B., & Xin, Y. (2019). Investigation and Study on the Causes of College Students' Poor Academic Performances and Intervention Mechanism. *3rd International Conference on Culture, Education and Economic Development of Modern Society (ICCESE 2019)*.

MGA BATAS

- [1.] DepEd Order No. 8, s. 2015
- [2.] Republic Act 7836: Philippine Teachers Professionalization Act of 1994
- [3.] Republic Act 10173 - Data Privacy Act of 2012
- [4.] JRMSU Code of 2010
- [5.] JRMSU Student Handbook 2023